## Ano ang Redistricting California Alliance?

Asian Pacific American Legal Center: www.apalc.org
Ca. Common Cause: www.commoncause.org/ca
California NAACP: www.ca-naacp.org
Center for Governmental Studies: www.cgs.org
Central Coast Alliance United for a Sustainable Economy: www.coastalalliance.com
League of Women Voters CA Ed. Fund: www.lwvc.org
Los Angeles Urban League: www.laul.org
Mexican American Legal Defense and Educational Fund: www.maldef.org
National Assoc. of Latino Elected and Appointed Officials Educational Fund: www.naleo.org
Rose Institute: www.claremontmckenna.edu/rose
Statewide Database, Berkeley Law: swdb.berkeley.edu
The Greenlining Institute: www.greenlining.org

## Ano ang CAPAFR?

Ang ibig sabihin ng CAPAFR ay Coalition of Pacific Americans for Fair Redistricting. CAPAFR ay isang pambuong koalisyon ng estado na nagtatayugod para mapalakas and boses ng Asian Americans and Pacific Islanders sa California habang isinasagawa ang proseso ng redistricting.

Ang CAPAFR ay pinapangunahan ng siyam na organisasyon:

Statewide Anchoring Organization

Asian Pacific American Legal Center: www.apalc.org

CAPAFR Regional Convening Organizations:

Asian Law Alliance: www.asianlawalliance.org
Asian Law Caucus: www.asianlawcaucus.org
Asian Pacific Policy and Planning Council: www.a3pcon.org
Coalition of Asian Pacific Islanders Together for Leadership & Advocacy: www.sactocapital.org
East Bay Asian Voter Education Consortium
Fresno Center for New Americans
Orange County Asian and Pacific Islander Community Alliance: www.ocapica.org
Southwest Center for Asian Pacific American Law: www.scapal.org

Bumisita sa www.facebook.com/capafr2011 upang makalahok o magpadala ng email sa redistricting@apalc.org.

## ANG BAGONG Citizens Redistricting Commission

### Ang ating minsan-sa-isang-dekadang pagkakataon imapa ang kinabukasan ng California






Ang Redistricting CA ay suportado ng

**The James Irvine Foundation**

Alamin ang higit pang impormasyon sa:

**www.commoncause.org/redistrictingCA**



## Ano ang redistricting?

Bawat sampung taon, binibilang natin ang bawat tao sa Estados Unidos sa pamamagitan ng paraan na tawag ay "Census." Itong bilang ay magbibigay ng ideya sa dami ng tao at kung saan sila nakatira.

Kapag nalaman na ang bilang ng taong nakatira sa California, maari natin hati-hatiin ang populasyon ng pantay-pantay bilang distrito para sa Senado ng Estado, Assembly, at Board of Equalization. Ito ay tinatawag na 'redistricting.' Ayon sa kasaysayan, ang Lehislatura ng Estado ang gumawa nitong mga mapa ng mga distrito. Sa 2011, ang Citizens Commission ang magiging bagong tagapamahala.

### *Bakit mahalaga and 'redistricting' sa akin?*

Mahalaga na ang binotong kinatawan ay makikinig sa kapakanan ng publiko para makasiguro na ang ating boto ay mahalaga at may kasaysayan. Ang mahalagang hakbang ay gumuhit ng mga distrito na makakapag buklod-buklod ng mga komunidad. Kapag ang mga komunidad ay napapanatiling buo at nagkakaisa, tayo ay mas may malaking kakayahang bigyan ng pananagutan ang mga politiko. Ang paraan ng pagkaguhit ng mga distrito ay naglalarawan kung ang politiko ay kinakatawan ang kapakanan ng kanyang nasasakupan.

### *Paano maisasagawa ang 'redistricting' sa California?*

Sa 2008, ang mga botante ay pinasa ang Proposition 11, ang Voters First Act. Sa unang pagkakataon, ang bagong 14 na bumubuo ng komisyon na itataguyod bilang Citizens Redistricting Commission na guguhit ng mga mapa ng distrito pang-estado.

Ang California State Auditor by tutulong bumuo ng Citizens Redistricting Commission. Mula Disyembre 15, 2009 hanggang Pebrero 12, 2010, ang Auditor ay tatanggap ng mga aplikasyon mula sa mga mamamayang interesadong maglingkod sa komisyon. Ang 14 na komisyonado ay pipiliin sa Disyembre 31, 2010.

Kapag ang komisyon ay nabuo, ito ay magkakaroon ng mga pagpupulong sa buong California para makinig sa mga residenteng ilarawan ang kani-kanilang mga komunidad, mga kalapit-bahay, at mga isyu na mahalaga sa kanila. Ang komisyon ay lilikumin ang lahat ng impormasyon at guguhit ng mga mapa ng distrito na may parehong bilang ng tao sa bawat distrito. Ang pampublikong pagdinig ay magsisimula sa Enero 1, 2011 hanggang Setyembre 15, 2011.



## Interesado ako na maglingkod sa komisyon. Ano ang kasali dito?

### *Ano ang gagawin ng komisyon?*

**Ang Citizens Redistricting Commission ay:**

- Guguhit ng bagong mga mapa para sa Senado, Assembly at Board of Equalization
- Magsusuri ng datos, materyales na estatistiko, at iba pang kaugnay na impormasyon
- Maghanap at makinig sa mga pang publiko na mga salaysay at komentaryo tungkol sa mga mapa
- Kumontrata ng tauhan, abogado at mga kasangguni, depende sa pangangailangan

Ang lehislatura ng estado ay responsable sa pagguhit ng mga mapa ng distrito ng kongreso. Ang komisyon at ang lehislatura ng estado ay magtutulungan upang kunin ang opinyon ng publiko.

### *Magkano ang bayad sa mga komisyonado?*

Ang kabayaran para sa mga komisyonado ay $300 bawat araw at pagsasauli ng gastos pangpersonal habang gumagawa ng trabaho para sa komisyon.

### *Magiging magaling ba ako na komisyonado?*

Ang magaling na komisyonado ay may:

- Malawak na pag-iisip na walang pinapanigan
- Nasa-isip ang iba't-ibang mga lahi ng California
- Gumagawa ng makatotohanang desisyon
- Makiki-pagtulungan sa mga ibang mga komisyonado.

### *Sino ang hindi kuwalipikado?*

Ang isang aplikante ay hindi kuwalipikado kung, sa nakaraang sampung taon, siya, o miyembro ng kanyang pangunahing pamilya, ay:

- Naitalaga, naiboto, o naging kandidato para sa federal o pang-estadong opisina
- Naglingkod bilang isang naiboto o naitalagang miyembro ng sentral komite ng partidong politikal
- Naglingkod bilang swelduhang tauhan ng kongreso, lehislatura o Board of Equalization
- Naglingkod bilang opisyal, empleyado o swelduhan na kasangguni ng partidong political o komite para sa kampanya ng isang kandidato para sa elektibong federal o estadong opisina
- Naging rehistradong federal, estado o lokal na lobiyista
- Sa isang taon ay nag-ambag ng mahigit $2000 sa pang-kongreso, estado o lokal na kandidato.

### *Ano ang mga takdang araw sa pag-pili?*

**Disyembre 15, 2009 – Pebrero 12, 2010**
Takdang araw sa pag-aplay ng mga komisyonado. Ang mga aplikasyon ay dapat matanggap bago o sa araw ng Pebrero 12, 2010.

Maaring kumpletuhin ang application form sa:

**www.wedrawthelines.ca.gov**

**Pebrero 16, 2010 – Abril 2, 2010**
Ang mga aplikanteng kuwalipikado ay iimbitahin para kumpletuhin ang supplemental application, kasama ang mga sanaysay at dagdag na impormasyon.

**Hulyo 20, 2010 – Setyembre 13, 2010**
Ang grupo ng State Auditor ay kakapanayamin ang unang 120 na aplikante. Sa Setyembre 30, 2010, ang State Auditor ay pipili ng 60 na pinal na kalahok.

**Octubre 1, 2010 – Disyembre 31, 2010**
Maaring ibaba ng mga lider ng lehislatura ang bilang ng pinal na kalahok sa 36. Ang State Auditor ay pipili ng unang 8 na komisyonado kung saan ang 36 ay may pantas na pagkakataon na mapili. Ang 8 na mapipili ay pipili ng huling 6 na komisyonado. Sa 14 na komisyonado, 5 ay magiging Democrat, 5 ay magiging Republican, at ang 4 ay hindi nakarehistrado bilang Democrat o Republican.

### Paano ako kikilos ngayon?

### *Mag-aplay para sa komisyon!*

Bisitahin ang opisyal na website sa:

**www.wedrawthelines.ca.gov**

### *Alamin ang higit pang impormasyon at ikalat ito.*

Maari mong tingnan o idownload itong brochure, fact sheets, ang presentation, ang handbook, resource lists, at iba pang impormasyon sa:

**www.commoncause.org/redistrictingCA**

### *Makipagugnay sa mga miyembro ng lokal na komunidad sa inyong lugar.*

Ang mga mapa na iguguhit ng komisyon ay tutulong sa pagdetermina kung ang mga komunidad na Asian American at Pacific Islander (AAPI) ay nagbubuklod o napaghihiwalay ng hindi wasto dahil sa mga bagong iginuhit na mga distrito para sa lehislatura ng estado at Board of Equalization.



*Mahusay ka ba na tagapakinig? Ikaw ba ay pinuno sa inyong komunidad? Kaya mo bang maging patas? Meron ka bang karanasan sa mga komunidad na may iba't-ibang lahi? Ikaw ba ay mapanuri?*

*Kaya, dapat kang mag-aplay!*

redistricting ca

### *Ano ang mga pangaunahing kuwalipikason?*

- Ikaw ay dapat nakarehistro bilang botante sa California ng mahigit limang taon na kasapi ng isang partido (o walang partido).
- Ikaw ay dapat nakaboto ng dalawang beses sa huling tatlong pangkalahatang halalan ng pambuong estado.
- Ikaw ay dapat manapuri, pantay at pinapahalagan ang iba't-ibang lahi ng California.

Ang mga tauhan o mga kasangguni, mga taong kumukontrata o taong may pangunahing pamilya kasama ang gobernador, miyembro ng lehislatura, miyembro ng kongreso,o miyembro ng State Board of Equalization ay hindi maari maging komisyonado.

Ang mga komisyonado ay binagbabawal lumahok sa ilang gawain, kasama na ang pagkakaroon ng pang-publikong posisyon sa loob ng lima hanggang sampung taon.

### *Ano ang kinakailangang oras ng paglingkod?*

Ang mga komisyonado ay mag dedesisyon sa mga oras ng pagpupulong. Sila ay maaring magbigay ng 10 – 40 ng kanilang oras sa kanilang responsibilidad. Ang pinakamaraming gawain ay mangyayari mula Enero hanggang Setyembre 2011. Sila ay magsisilbi hanggang 2020.

Mahalaga na ang mga komunidad na AAPI ay may boses sa komisyon dahil ang mga mapa na gawa ng komisyon ay gagamitin sa susunod na sampung taon.

Bumisita sa www.facebook.com/capafr2011 upang makalahok o magpadala ng email sa redistricting@apalc.org.